# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 44

"14 Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. 15 Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay. 16 Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:14-16)

Sa pagsasalita sa pagiging liwanag ng sanglibutan, kailangan nating ilagay ang kandila sa takalan, "Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay." (Mateo 5:15) At ang takalan ay ang simbahan ni Cristo gaya ng ating babasahin sa aklat ng Pahayag, "Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia." (Pahayag 1:20) Si Jesus ay nagsasalita sa Kanyang mga disipolo at sa mga apostol, at sinadya na ang Kanyang simbahan at ministerio ay maging liwanag sa sanglibutan at sa mga kapatiran.

Mula sa babala na Siya ay nagbabala sa atin na ipinadala Niya rin sa kanila, at sa atin muli sa pamamagitan ng Kanyang pahayag kay Apostol Juan, ang huling apostol na nabilanggo sa Isla ng Patmos, tayo ay pinangunahan ngayon upang pag aralan ang buhay ng pitong simbahan na nasa Asya at tumanggap ng mga sulat mula kay Jesus. Ating pag aaralan ang mga simbahang ito isa isa at matutuklasan natin kung ano ang nais ng Panginoon na pagnilayan natin sa ating mga buhay bilang mga disipolo, mga manggagawa at ministerio sa Kanyang ubasan, at sa Kanyang simbahan, sinabi ni Jesus, "Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit." (Mateo 5:20) Kailangan nating pag aralan ang mga simbahang ito sa aklat ng Pahayag upang ang isa at bawa't isa sa atin ay makita ang kanyang sarili o kaniyang sarili ng malinaw, upang hindi tayo maiwan ng walang pagtuturo, pagsaway, at pagtutuwid, at sa ganoong paraan tayo ay mabibigyan ng awa, panibagong pagkakataon upang magsisi at tumalikod mula sa pagiging katulad ng mga Fariseo at ng mga Eskriba at gawin ng matapat ang gawain ng Diyos. Makikita natin ang mga simbahang ito ang mga salaysay ng mga halimbawa ng mga Eskriba at ng mga Fariseo na tinanggihan ng Diyos at ang mga halimbawa ng mga totoong mga alagad ni Jesus na itinalaga Niya para isabuhay at sundin natin.

1. Ang Liham ni JesuCristo sa simbahan sa mga Taga Epeso: "1Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto:2vl Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan; 3 At may pagtitiis ka at nagbata ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod. 4 Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig. 5vKaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka. 6 Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman. 7 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." ( Pahayag 2:1-7)

"1 Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto:" (Pahayag 2:1) Unang pinangalanan ang simbahan ng Epeso, sapagkat ito ang pinakamalaki, pinaka maraming tao at tanyag, at pinakamalapit sa Patmos, kung nasaan si Juan ngayon, at ang Epeso ay pinakilala sa kanya, ito ay ang lugar kung saan siya ay naninirahan at ito ay ang lugar mula kung saan dumating ang Ebanghelyo sa iba, at ikinalat ang sarili sa mas maliit sa Asya, at sa pamamagitan nang simbahan iyon ang ibang simbahan ay naitanim.

Ang anghel ng simbahan sa Epeso sa talata 1 ay ang tagapamala, ang obispo o ang pinuno ng simbahan. Si Timoteo, na si Apostol Pablo ay ipinadala doon, at hinangad na magpatuloy doon, ay ang unang obispo ng simbahan, "Kung paanong ipinamanhik ko sa iyo na ikaw ay matira sa Efeso, nang pumaparoon ako sa Macedonia, upang maipagbilin mo sa ilang tao na huwag magsipagturo ng ibang aral, 4 Ni huwag makinig sa mga katha at sa mga kasaysayan ng mga lahi na walang katapusan, na pinanggagalingan ng pagtatalo, at hindi ng pagkakatiwalang mula sa Dios na nasa pananampalataya; ay gayon din ang ipinamamanhik ko ngayon." (1 Timoteo 1:3-4) Ngunit hanggang sa panahon ang liham ay ipinadala kay Juan, may ibang pinuno o mga pinuno, sapagkat sa pasimula ng simbahang yaon ay maraming mga matatanda gaya ng ating babasahin sa aklat ng Mga Gawa, "At mula sa Mileto ay nagpasugo siya sa Efeso, at ipinatawag ang mga matanda sa iglesia." (Mga Gawa 20:17)

Ang liham na itinuro mula kay Jesus upang ipakita ang kalakasan ng simbahan at ang kahinaan ng simbahan at ang nais baguhin ng Diyos sa simbahan ng Epesus. Si Jesus ay ang isa na humahawak sa pitong mga simbahan sa Asya at humahawak sa mga alagad sa isa at bawat isang simbahan at Siya ay nagpapadala ng utos sapagkat kailangan Niya gawin sa kanila ang mga bagay na naayon sa Kanyang kalooban at kahanay sa Kanyang Salita. Ang liham ay ipinadala sa pastor o mga pastor, sa buong katawan ng mga ministerio, sa pamamagitan nila upang ipaalam sa simbahan.

"Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto:" (Pahayag 2:1) Ang ating Panginoon ay kapansin pansin na hinahawakan ang kanyang mga miniministerio: ang mga alagad bilang mga bituin sa Kanyang kanang kamay; ang mga bituin ay ang nagbibigay liwanag sa mga nawawalang sanglibutan sa pagpapahayag ng Ebanghelyo gaya ng itinalaga ng Diyos para ito'y maipahayag. Ang mga bituin sa aklat ng Daniel ay mga namumuno at

ibinabalik ang iba sa katuwiran, "At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man." (Daniel 12:3)

Hinahawakan ni Jesus ang pitong mga bituin ibig sabihin hindi lamang ang mga alagad ng simbahang ay pinipigilan Niya ngunit, ganon din sila'y pinoprotektahan Niya. Pinrotektahan ni Jesus si Apostol Pablo sa dalawang taon sa lugar na ito ng Epeso, at pinanatili siya at ang kanyang mga kasama ng ligtas sa kalagitnaan ng pagtaas ng kaguluhan ni Demetrius ang panday-pilak tungkol sa kanila. Dito rin sa Epesus ipinangtanggol ng Diyos si Timoteo sa panahon nang mayroong mga kaaway, at pinanatiling dalisay ang mga matatanda ng simbahang ito, sa kabila ng masasamang tao na tumatayo sa gitna nila; at huli sa lahat ipinagtanggol ng Diyos si Apostol Juan, na naninirahan sa Patmos, at namatay sa kapayapaan, sa kabila ng galit at poot ng kanyang tagausig laban sa kanya. Samakatuwid, dahil Siya ay tapat, kailangan nating magtiwala sa Kanya na ililigtas Niya tayo at ppoprotektahan tayo habang tayo patuloy na naglilingkod sa Kanya sa lugar na itinalaga niya sa atin upang manatili, mabuhay at maglingkod sa Kanya.

"Na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto:" (Pahayag 2:1) Si Cristo ay hindi lamang kasama, at kinuha ang kanyang mga paglakad sa simbahang ito sa Epeso, kundi sa lahat ng mga simbahan sa panahong iyon, na nagtataglay ng liwanag ng Ebanghelyo.

"Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan;" (Pahayag 2:2)

"2 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis," (Pahayag 2:2) Ang simbahan sa Epeso ay itinanim ni Apostol Pablo; na ginawa ang gawain na inihanda ng Diyos para sa kanya upang gawin. Siya'y nagpakapagal at nagtiyaga upang itulak ang Ebanghelyo sa buong Asyan na mas maliit sa pamamagitan nang simbahan iyon, na ngayon ay Turkey, ng may pagtitiyaga, dinadala ang lahat ng sakit at ang pwersa ng gawain gaya ng kanyang sinabi sa mga matatanda ng simbahan, "At nang sila'y magsidating sa kaniya, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman ninyo, na mula nang unang araw na ako'y tumungtong sa Asia, kung paano ang pakikisama ko sa inyo sa buong panahon, 19 Na ako'y naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba ng isip, at ng mga luha, at ng mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pagbakay ng mga Judio; 20 Kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag sa inyo ang anomang bagay na pakikinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay, 21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo." (Mga Gawa 20:18-21) Ang paglilingkod ni Pablo ay may kababaang loob ng isip, sa kanyang isipan ang plano ng Diyos at ang layunin ng Diyos, sa pananalangin at pagtangis ng may maraming luha, pagharap sa mga pqgsubok at mga kaguluhan, mula sa mga Judio na sumasalungat sa kanya. Bagkos siya'y nagpatuloy na maipahayag sa mga Griyego at sa mga Judio na kailangan nilang magsisi, at siya'y nagpalipat lipat sa mga bahay-bahay sa pagtuturo at pangangaral, bilang karagdagan sa pampublikong pulong ng simbahan na kanyang hinahawakan. Sa gayon at sa parehong paraan, tayo bilang simbahan at ministerio ni Cristo ay kailangang gawin ang pareho, pamumuhay ng may mabuting buhay na patotoo at handang magpakasakit para kay Cristo upang dalhin ang Kanyang Salita sa iba.

Ating mababasa ang salaysay ng mga pagtatanim ng mga simbahang ito sa aklat ng mga Mga Gawa. Si Pablo sa kanyang unang pagbisita sa bayan ng Epeso ito ay maikling pagbisita, "18 At si Pablo, pagkatapos na makatira na roong maraming araw, ay nagpaalam sa mga kapatid, at buhat doo'y lumayag na patungo sa Siria, at kasama niya si Priscila at si Aquila: na inahit niya ang kaniyang buhok sa Cencrea; sapagka't siya'y may panata. 19 At sila'y nagsidating sa Efeso, at sila'y iniwan niya doon: datapuwa't pumasok siya sa sinagoga, at nangatuwiran sa mga Judio. 20 At nang siya'y pamanhikan nila na tumigil pa roon ng ilang panahon, ay hindi siya pumayag; 21 Kundi nang siya'y nagpaalam sa kanila, at nagsabi, Babalik uli ako sa inyo kung loobin ng Dios, siya'y naglayag buhat sa Efeso." (Mga Gawa 18:18-21) Sa huli bumalik si Pablo sa bayan ng Epeso gaya ng pinangunahan siya ng Diyos upang gawin ang Kanyang kalooban, at simulan ang malawak na gawain at may isang sistematikong maayos na paraan, at nanatili si Pablo doon ng dalawang taon, "1 At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad: 2 At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kaniya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo. 3bAt sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. 4 At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay Jesus. 5 At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus. 6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula. 7 At silang lahat ay may labingdalawang lalake.8 At siya'y pumasok sa sinagoga, at nagsalitang may katapangan sa loob ng tatlong buwan, na nangangatuwiran at nanghihikayat tungkol sa mga bagay na nauukol sa kaharian ng Dios. 9 Datapuwa't nang magsipagmatigas ang ilan at ayaw magsipaniwala, na pinagsasalitaan ng masama ang Daan sa harapan ng karamihan, ay umalis siya sa kanila, at inihiwalay ang mga alagad, na nangangatuwiran araw-araw sa paaralan ni Tiranno. 10 At ito'y tumagal sa loob ng dalawang taon; ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan sa Asia ay nangakarinig ng salita ng Panginoon, ang mga Judio at gayon din ang mga Griego." (Mga Gawa 19:1-10) Dito si Pablo ay gumawa ng may pagtitiyaga at kaganapan at ginawa ang lahat ng bagay sa pagibig. Siya'y naglakbay at pumunta sa bayan, tinagpo ang mga disopolo na ipinadala ng Diyos sa kanya sa kanila upang marinig ang tamang mensahe at kung ano ang kinakailangan nilang gawin. Ipinangaral ni Pablo sa kanila ang tungkol sa Bautismo ng Banal na Espiritu ang bagay na hindi nila narinig noon at yaon ang tamang mensahe para sa kanila. Kailangang lagi nating makilala para makapagbigay ng tamang mensahe na kailangan ng mga taong marinig ng naaayon sa kalooban ng Diyos. Sinimulan ni Pablo sa kanila kung saan sila naroroon. Sila lamang ay nabautismuhan ng bautismo ni Juan, kaya't si Pablo ay ipinaliwanag sa kanila na ang bautismo ni Juan ay para lamang sa pagsisisi at pagkatapos kinakailangan nilang mabautismo kay Cristo sa pangalan ni Jesus, kaya't binautismuhan ulit sila ni Pablo sa tubig sa pangalan ni Jesus, pagkatapos ipinatong niya ang kanyang kamay sa kanila at tinanggap nila ang kaloob ng Banal na Espiritu, "at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula". Sa gayon pagkatapos, si Pablo ay nagpatuloy upang ipahayag ng may katapangan sa sinagoga sa tatlongg buwan. Kaya si Pablo ay masigasig at isang taong nagtitiya na ginawa Niya ang gawain ng Diyos sa ganap na paraan. Tayo sa parehong paraan ay kailangan maging masipag at magtiyaga

sa pagabot sa iba at tuloy tuloy na pagbibigay sa kanila ng katuruan na kailangan nilang tanggapin. Si Pablo rin ay pinasalitaan ng masama ng ibang tao, ngunit hindi siya sumuko, inihiwalay niya ang mga disipolo at sinimulan silang turuan sa ibang lugar. Tayo din ay kailangang gawin ang pareho, kahit na tayo'y inuusig at inaatake kailangan pa rin nating ihiwalay ang mg disipolo mula sa iba na gumagawa ng masama, patuloy na turuan sila ng Salita ng Diyos. Si Pablo ay nagpatuloy sa loob ng dalawang taon upang turuan ang mga disopolo, "At ito'y tumagal sa loob ng dalawang taon; ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan sa Asia ay nangakarinig ng salita ng Panginoon, ang mga Judio at gayon din ang mga Griego." (Mga Gawa 19:10) at ang Diyos ay gumawa ng malaking himala sa mga kamay ni Pablo at marami ang gumaling, "11 At gumawa ang Dios ng mga tanging himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo: 12 Ano pa't ang mga panyo o mga tapi na mapadaiti sa kaniyang katawan ay dinadala sa mga may-sakit, at nawawala sa kanila ang mga sakit, at nangagsisilabas ang masasamang espiritu." (Mga Gawa 19:11-12) Kapag tayo'y nagtiyaga gaya ng pagtitiyaga ni Pablo ang Diyos ang gagawa ng maraming mga himala at pagagalingin ang maraming mga tao at iyon ang makakatulong sa atin upang ipalaganap ang Salita ng Diyos.

"at hindi mo matiis ang masasamang tao." (Pahayag 2:2) Si Pablo ay nangaral sa bayang ito na nagdulot ng paglaganap ng mga bulaang mga guro ng mga Judio sa bayang ito at nagdala sa kanila sa Paghatol, "13 Datapuwa't ilan sa mga Judiong pagalagala na nagsisipagpalayas ng masasamang espiritu, ay nagsipangahas na sambitlain ang pangalan ng Panginoong Jesus sa mga may masasamang espiritu, na nagsisipagsabi, Ipinamamanhik ko sa inyo sa pamamagitan ni Jesus na siyang ipinangangaral ni Pablo. 14 At may pitong anak na lalake ang isang Esceva na Judio, isang pangulong saserdote, na nagsisigawa nito. 15 At sumagot ang masamang espiritu at sa kanila'y sinabi, Nakikilala ko si Jesus, at nakikilala ko si Pablo; datapuwa't sino-sino kayo? 16 At ang taong kinaroroonan ng masamang espiritu ay lumukso sa kanila, at sila'y kaniyang natalo, at nadaig sila, ano pa't nagsitakas sila sa bahay na yaon na mga hubo't hubad at mga sugatan." (Mga Gawa 19:13-16) Ang ganoon ay nangyari at nagdulot ng takot sa Diyos na bumaba sa mga Judio at sa mga Griego at marami ang nagsisi, ipinahayag ang kanilang mga gawa, bumalik sa pananampalataya, at ang Salita ng Diyos ay lumaganap, "17 At nahayag ito sa lahat, sa mga Judio at gayon din sa mga Griego, na nanganananahanan sa Efeso; at sinidlan silang lahat ng takot, at pinadakila ang pangalan ng Panginoong Jesus. 18 Marami rin naman sa mga nagsisampalataya na ang nagsidating, na ipinahahayag at isinasaysay ang kanilang mga gawain. 19 At hindi kakaunti sa mga nagsisigamit ng mga kabihasnang magica ay nagsipagtipon ng kanilang mga aklat, at pinagsusunog sa paningin ng lahat; at kanilang binilang ang halaga niyaon, at nasumpungang may limampung libong putol na pilak. 20 Sa gayo'y lumagong totoo ang salita ng Panginoon at nanaig." (Mga Gawa 19:17-20) Dito nakita natin at nabasang malinaw ang pagsisisi sa mga nagsisigamit ng magica na dinala ang kanilang mga libro at sinunog ang mga ito. Kaya't ano ang ating masasabi dito ay yaon habang tayo'y nagtitiyaga sa paggawa ng gawian ng Diyos sa tamang paraan, ang Panginoong ang makikipaglaban sa mga bulaang mga guro at ilalantad sila at ilalagay sila sa pagtahimik at dadalhin ang iba sa pagsisisi at lalapit sa pananampalataya na ating ipinamumuhay at ipinapahayag.

Ang bulaang mga guro kahit sa panahon ni Timoteo ay naroon gaya ng ating mababasa rito, "3 Kung paanong ipinamanhik ko sa iyo na ikaw ay matira sa Efeso, nang pumaparoon ako sa Macedonia, upang maipagbilin mo sa ilang tao na huwag magsipagturo ng ibang aral, 4 Ni huwag makinig sa mga katha at sa mga kasaysayan ng mga lahi na walang katapusan, na pinanggagalingan ng pagtatalo, at hindi ng pagkakatiwalang mula sa Dios na nasa pananampalataya; ay gayon din ang ipinamamanhik ko ngayon." (1 Timoteo 1:3-4) Dito si Timoteo ay tinawag muli upang harapin ang mga sumasalungat sa katotohanan na nagtuturo ng ibang doktrina. Tayo rin ay tinatawag ngayon upang harapin ang mga bulaang mga guro at mga bulaang mga pastor na inilagay ng diablo sa paligid natin sa paggamit sa tamang mensahe at makaDiyos na halimbawa ng buhay na nais ng Diyos sa tao upang pagtitiyaga sa pagpapanatili sa ating buhay.

"Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan;" (Pahayag 2:2) Si Pablo sa lahat ng pwersa na siya ay naroroon, at sa pagmamalabis na kanyang pinagdaraanan ay hindi tumigil sa kanyang makakaya upang magebanghelyo na abutin ang mga nawawala at gawing mga disipolo. Tunay na iniibig niya ang Diyos, at sa kanyang pagibig at habag kanyang inaabot ang nawawalang mga kaluluwa. Sinabi ni Pablo na siya'y patuloy na mananatili sa bayang ito at mangangaral sapagkat marami sa kanila ay sumasalungat sa kanya at laban sa Kanya, "8 Datapuwa't ako'y titigil sa Efeso hanggang sa Pentecostes; 9 Sapagka't sa akin ay nabuksan ang isang pintuang malaki at mapapakinabangan, at marami ang mga kaaway." (1 Corinto 16:8-9) Sa kanyang pamamalagi sa Epeso ay hindi picnic kundi isang tunay na gawain, at hinarap niya ang mga kaguluhan, gayunpaman, sa kabila ng lahat ng iyon, siya nagpatuloy sa kanyang misyon. Ang pagsalungat na hinarap ni Pablo, ay isinaalang alang niyang isang bukas na pintuan para kanya upang ipahayag ang ebanghelyo. Sinulat niya, "Kung ako'y nakipagbaka sa Efeso laban sa mga ganid, ayon sa kaugalian ng tao, ano ang pakikinabangin ko? Kung ang mga patay ay hindi muling binubuhay, magsikain at magsiinom tayo yamang bukas tayo'y mangamamatay." (1 Corinto 15:32) Ito nagawa ni Pablo, sapagka't siya'y sinabihan na labanan ang mga ganid. Para labanan ang mga ganid ay upang ilagay sa isang tunay na puwang ng singsing kasama ng mga ganid, ng mga hayop, katulad ng tigre, lion, o mga aso at ikaw ay tinawag upang makipaglaban sa kanila ginagawa nila iyon alinman sa pamamagitan ng paglalagay sa kanila ng hubad upang lamunin o armado upang mabuhay sila ng pagkakataong magtagumpay kung kaya nila. Posibleng si Pablo ay nabigyan ng pagkakataon upang malampasan; ang ilan ay nagsasabi na ito lamang ay isang matalinghagang at ang ibig sabihin ni Pablo sa pagsulat na ito ay siya ay nakikipaglaban sa paguusig. Gayunpaman, si Pablo ay inilagay sa ganoon, ngunit patuloy niyang tinitiis ang pwersa at patuloy na nageebanghelyo at ginagawa ang gawain. Siguradong siya ay masama sa harapan ng lahat ng kanyang mga kaaway; gayunpaman siya'y patuloy na naglingkod sa Diyos sa bayang iyon. Dahil doon, tayo sa parehong paraan, sa kabila ng lahat ng paguusig , kaguluhan, at pwersa na inilagay ni Satanas sa atin kailangan nating patuloy na gawin ang gawain ng Diyos sa ipinaliwanag na paraan na nais ng Diyos sa atin upang panatilihin.

Sa aking mahal at minamahal: Sinabi ni Jesus sa Kanyang Salita, "Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan;" (Pahayag 2:2) Inaasahan ni Jesus mula sa atin na patuloy tayong manindigan sa pananampalataya,

pamumuhay sa isang banal na buhay para sa Kanya, at pagpapahayag ng tamang mensahe na nais Niya sa atin upang ipalaganap sa mga nawawalang kaluluwa.

Inaasahan ni Jesus mula sa atin na patuloy na magebanghelyo pag abot sa bagong mga lugar at mga tao nang Ebanghelyo ni JesuCristo.

Ang mga Eskriba at mga Fariseo ay ang mga ayaw maghirap na mabuhay sa kabanalan at ayaw maghirap sa pagharap sa mapagpanggap mga guro. Ngunit, nais ni Jesus sa atin na magtiyaga sa pamumuhay sa kabanalan, at pabulaanan ang mga bulaang pagtuturo at pakikipagkompromiso at ang mga nanlililang sa iba sa pagpahintulot sa kanilang mga kasalanan.

Sa gayon, habang tayo'y nagtitiyaga sa pamumuhay sa kabaang loob at sa paggawa ng katapatan sa Kanyang gawain Siya ang makikipaglaban sa gumagawa ng masama at sa kanilang pwersa at gagawa Siya ng mga kamangha mangha at himala na magpapatunay sa salita na ating ipinapahayag at itinuturo.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nakita kong malinaw ang daan na kailangan kong isabuhay at maglingkod sayo upang dalhin ang iyong Salita sa iba.

Ipagtapat sa Diyos ang iyong mga Kasalanan at talikuran ang mga ito. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa kawalan ng pagtitiyaga at kawalang kahandaang magdusa sa paglaban sa mapagpanggap na mga gurong nakapaligid sayo.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan:

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili upang sumunod sa iyong Salitang ito na aking tinanggap sa mensaheng ito at upang sundin ito. Panginoon isinusuko ko ang aking buhay at aking buong kalooban sayo. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na magebanghelyo abutin ang bagong mga tao para kay Cristo. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili upang maging isang mabuting halimbawa sa iba na ang mga tao'y makita ka sa pamamagitan ng aking buhay. Panginoon bigyan ako ng kalakasan at kahinahunan upang pagtiisan ang pwersa ng paguusig. Panginoon pusposin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at magkaraoon ng kaganapan sayo. Panginoon bigyan ako ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang makapunta ako at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga handa na sumunod sayo.

Panginoon, aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handa isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sayo sa paraan na itinalaga mo para sa amin. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang kanilang mga kailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at bigyang daan na makamit ang mga proyekto na itinalaga mo para kanila na gawin.

Panginoon pagpalain kami, tustusan mo ako bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin na magpatuloy sa paglilingkod sayo, at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon bigyan kami ng higit nga mga kaloob ng Banal na Espiritu upang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos, kami'y nananalangin na paging dapatim mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com